PAHAYAG NG ETIKA SA NEGOSYO

Ipinagtibay ng Tagapagpaganap
17 August 2010

PARRAMATTA CITY COUNCIL
30 Darcy Street Parramatta NSW 2150
PO Box 32 Parramatta NSW 2124
Phone 02 9806 5000 Fax 02 9806 5917 DX 8279 Parramatta
ABN 49 907 174 773 www.parracity.nsw.gov.au

PAUNANG SALITA NG PUNONG TAGAPAGPAGANAP

Ang Parramatta City Council ay nangangakong maglingkod sa ating komunidad na may katapatan, husay, katarungan at walang-kinikilingan. Sa pagsasagawa ng tungkulin, ilalagay namin ang aming pampublikong tungkulin sa komunidad bago ang aming mga pansariling kapakanan. Ang mga mamamayan sa Lungsod ng Parramatta at mga taong makikipag-ugnayan sa Konseho ay aasa nito nang walang kulang.

Deleted:

Ang estratehikong direksiyon ng Konseho ay suportado ng mga prinsipyong mapapanindigan na kabilang ang Etika, Pagkakapantay at mga Pangunahing Karapatan. Ang Etika ay pagkilos na may paggalang, katapatan, pakikiramay, integridad at pagkilos sa kapakanan ng komunidad na aming kinakatawan.

Ang Programang Paghahatid Serbisyo ng Konseho ay ipinangangako ang "pinakamataas na antas ng mabuting pamumuno, pagtutulungan, katapatan, pagiging bukas, may pananagutan, napapanahon at ang pagtupad sa batas."

Itong pahayag ng etika sa negosyo ay nagbibigay ng pamamatnubay at nagpapaliwanag kung ano ang maaasahan kung nagsasagawa ng pakikitungong pangnegosyo sa Konseho.

Ang negosyo ay maaaring kasama ang pagtustos ng mga kalakal at/o serbisyo, paggamit ng mga kontratista at/o mga kasangguni, pagtatasa ng mga aplikasyon sa pagpapatayo ng mga gusali (development applications) at iba pang mga sosyuhan at alyansa sa pangangalakal.

Itong mga pamantayang etika ay hindi karagdagang mga kinakailangan sa pakikitungo sa amin, kundi isang mahalagang bahagi ng wastong gawi sa pangangalakal.

Ang mga kawani at kinatawan (kabilang ang mga boluntaryo) ay kinakailangang sumunod sa mataas na pamantayan ng pag-uugali, mga batas at mga pamantayan ng paggawa at proseso. Sa gayong dahilan, hinihiling namin na kapag kayo ay nakikitungo sa Konseho, sasang-ayon kayo sa pahayag ng etika sa negosyong ito sa lahat ng inyong mga pakikitungo.

Kung sa akala ninyo ay ang Konseho ay hindi nakakatugon sa mga pamantayang itinakda, sabihin po ito sa akin o magsumite ng reklamo sa Pampublikong Opisyal ng Konseho.

Dr Robert Lang
Punong Tagapagpaganap

PAHAYAG

Ang aming mga pinakamahalagang pangako sa komunidad

Dapat panatilihin ng mga kawani at kinatawan ng konseho ang mga pinakamataas na pamantayan ng paggawa at susunod sa mga sumusunod na mga itinatanging kaisipan kapag nakikitungo sa komunidad.

Serbisyo sa Kliyente at Katapatan
Nauunawaan at naibibigay namin ang mga kinakailangan ng aming mga kliyente at kami ay nangangakong kumilos nang wasto, walang kinikilingan, matapat at may karangalan sa lahat ng aming mga ginagawa, ibinibigay namin ang aming mga pangako.

Pagtutulungan ng Magkakasama at Pananagutan
Kami ay sama-samang nagtatrabaho sa buong organisasyon, nagkakaisa sa aming hangarin, nagbibigayan ng payo, kumikilala sa lakas ng bawat isa at ginagampanan ang aming gawain sa samahan. Kami ay may pananagutan at ipinagdiriwang ang aming mga tagumpay at umaamin at natututo sa aming mga pagkakamali.

Pagbibigay ng Lakas at Pansin sa Komunidad
Inaalagaan namin ang pagmatagalanglakas ng lipunan, pangkabuhayan at ang kapaligiran ng ating siyudad at binibigyang - halaga namin ang pagbibigay ng mabuting kinalabasan para sa ating mga komunidad.

Bakit kailangan ang isang pahayag ng etika sa negosyo?

Sa pamamagitan ng pagsunod sa aming pahayag ng etika sa negosyo, maarininyong isulong ang iyong mga layunin sa negosyo at mga kapakanan sa makatarungan at wastong pamamaraan.
Ang Konseho ay umaasa sa lahat ng kasama sa negosyo at mga tagapagtustos na sundin itong pahayag ng etika sa negosyo. Sa gayon, kayo ay hindi mawalan ng mga pakinabang dahil kayo ay sumusunod sa pahayag na ito.

Mahalagang magkaroon ng kamalayan sa mga kahihinatnan ng hindi pagsunod sa mga wastong kinakailangan ng Konseho kapag nakikipagnegosyo sa amin.

Ang masama o hindi wastong pakikitungo ay maaaring humantong sa:
- pagka-imbestiga dahil sa katiwalian
- may mga bagay na pwedeng paimbestiga
- pagkawalang-bisa sa mga kontrata
- pagkawala ng mga hinararap na pagkakataon sa Konseho
- pagkawala ng reputasyon
- pagkawala ng aproba sa pagpapatayo ng gusali.

Ang mga kawani o kinatawang kasama sa katiwalian ay maaaring:
- mapaimbestiga
- madisiplinahan
- matanggal sa trabaho
- maaaring ihabla bilang isang kriminal.

Ano ang maaari ninyong asahan sa amin

Titiyakin ng Konseho na ang lahat ng mga patakaran, pamamaraan at gawi tungkol sa pagkukuha ng negosyo, pakukontrata, pagbibili ng mga kalakal at serbisyo, pagtatasa ng mga aplikasyon sa pagpapatayo ng gusali, paggamit ng mga kasangguni at/o kontratista, at mga kasunduan ng estratehikong kasosyo at mga tagapagtaguyod ay dapat lahat sang-ayon sa pinakamahusay na pagsasagawa at nasa pinakamataas na pamantayan ng wastong paggawa.

Saklaw ng mga kawani at kinatawan ang mga Alituntunin sa Pag-uugali sa Konseho (Council's Code of Conduct). Kapag nakikipagnegosyo sa komunidad o pribadong sektor, ang mga kawani at kinatawan ay may-kapanagutan sa kanilang mga ginawa at inaasahang:

- may integridad
- may pamumuno
- walang pag-iimbot
- walang pinapanigan
- may pananagutan
- may pagkakabukas ng isip
- may katapatan
- may paggalang

Upang makamit ang pagkamatapat, isaalang-alang ng Konseho sa lahat ng yugto ng pagbibili, pagkukuha ng negosyo, pagkukontrata, pagkakasosyo, pag-isponsor at mga aplikasyon sa pagpapatayo ng gusali ang mga sumusunod na mahalagang elemento.

- Kitang-kita ang pamamaraan.
- May pananagutan.
- May etikang pamamahala sa nagtatagisang interes.
- Pagkamit ng pinakamataas na halaga.
- Pagmamanman at pagsusuri ng pagsasagawa.
- Mga mabuting kinalabasan sa kapaligiran at sa lipunan.

Ang mga ugnayang pangkalakal ng Konseho ay magiging kitang-kita, may pananagutan at kung maaari, maging bukas sa masusing pagsisiyasat ng publiko. Gayunpaman, mayroong mga panahon na kung saan ang pagiging kompidensiyal ay kinakailangan sa gawain ng Konseho.

Ang aming kahilingan sa inyo

Kinakailangan namin na ang lahat ng mga tagapagtustos ng mga kalakal at serbisyo, mga aplikante, mga kasangguni, mga kontratista, mga may-ari at mga aplikante sa pagpapatayo ng gusali at sinumang nakikipagnegosyo sa Konseho aysusunod sa mga prinsipyong:

- Maging wasto at matapat sa lahat ng pakikitungo sa Konseho.
- Ipaalam ang tunay o nadadamang mga pagkakasalungat ng interes sa sandali na nalaman ninyo ito.
- Sumunod sa mga pamamalakad at pamamaraan ng Konseho tungkol sa mga pagkukuha at pamimili ng mga kagamitan at serbisyo
- Magbigay ng eksakto at mapagkakatiwalaang impormasyon kung kailangan.

- Gawin ang lahat ng makatwirang pamamaraan upang mapigilan ang pagbubunyag ng kompidensyal na impormasyon ng Konseho.
- Iwasan ang anumang uri ng mapalinlang na pagsasagawa kasama ang mga paghahandog, pang-aakit o pabuya na layuning maimpluwensiyahan ang pangangasiwa ng katungkulan ng mga kawani at kinatawan.
- Tulungan ang Konseho na mahadlangan ang hindi wastong pag-uugnayan sa negosyo.

MGA TALANG PAMATNUBAY

Mga regalo, benepisyo at mabuting pakikitungo

Mga regalo, benepisyo o mabuting pakikitungo ay hindi dapat iyalok sa mga kawani o kinatawan kaugnay ng anumang nalalapit na ugnayang pangnegosyo. Katulad din nito, ang mga kawani at kinatawan ay hindi pinapayagan na humingi ng anumang pansariling gantimpala o pabuya dahil sa paggawa ng kanilang katungkulan.

Dapat galangin ng mga kasosyo sa negosyo at mga tagatustos ang desisyon ng isang kawani o kinatawan na tanggihan ang isang regalo o benepisyo.

Mga regalong may-kabuluhan ay pwedeng tanggapin ng mga kawani at kinatawan sa kondisyon na ang pagtanggap nito ay hindi gumagawa ng anumang kahulugan ng pagkapaburitismo. Ang lahat ng mga regalong mahalaga ay dapat na ipahayag ng kawani sa Talaan ng mga Regalo at Benepisyo ng Konseho. Kung maaari, sikaping tanggihan ang pagtanggap ng mga regalong mahahalaga.

Mga pagkakasalungat na interes

Ang mga kawani at kinatawan at (kung nauugnay) ang ating mga kasosyo sa negosyo at mga tagapagtustos ay dapat ipaalam sa pamamagitan ng sulat ang kanilang mga pagkakasalungat o posibleng pagkakasalungat na interes upang matiyak na ang kanilang mga kilos ay ligtas sa masusing pagsisiyasat ng publiko.

May mga pagkakasalungat na interes kung sa pagsasagawa ng kanilang pampublikong tungkulin, ang isang kawani o kinatawan ay maaaring maimpluwensiyahan o nasususpetsang nakakaimpluwensiya sa kanyang personal na kapakanan.

Ang mga pagkakasalungat na interes na humahantong sa bahagyang paggawa ng desisyon ay pwedeng kabilang sa paggawa ng katiwalian. Ang pagkasuspetsa ng pagkakaroon ng isang pagkakasalungat na interes ay pwedeng kaparehas na rin sa totoong may mga pagkakasalungat na interes.

Impormasyong pangnegosyo

Ang Konseho ay nagliligpit ng maraming impormasyon tungkol sa aming mga kliyente at ang komunidad.

May tungkulin ang Konseho na pangalagaan itong impormasyon at mapanatili ang integridad ng kanyang mga sistema.

Umaasa ang Konseho na tratuhin ng wasto ng mga kliyente ang lahat ng impormasyong tinipon at dapat magamit ito para lamang sa wastong kadahilan.

Pagiging kompidensiyal

Ang impormasyong may tatak na kompidensiyal o akalaing kompidensiyal ng isang makatwirang tao sa pagsasagawa ng kanilang pampublikong tungkulin ay tatratuhing kompidensiyal. Ang impormasyon ay maaaring nasa iba't-ibang mga porma at ang Government Information (Public Access) Act ng 2009 ay nagbibigay ng mga mekanismo sa publiko upang magamit ang impormasyon ng Konseho, maliban lamang sa ilang mga sitwasyon.

Walang itinatago ang Konseho sa lahat ng kanyang pakikitungo at makitungo lang sa isang kompidensiyal na bagay sa isang Saradong Pagpupulong (Closed Session) sa Konseho alinsunod sa Seksiyon 12 ng Batas sa Panglokal na Pamahalaan.

Pangkaisipang ari-arian

Sa mga ugnayang pangnegosyo sa Konseho, ang lahat ng partido ay gumagalang sa intelektuwal na karapatan ng bawat isa at pormal na makikipag-ayos sa anumang pagkaalam, lisensya o paggamit ng pangkaisipang ari-arian.

Ang paglipat ng pangkaisipang ari-arian ay aasikasuhin sa pamamagitan ng isang kasunduan.

Mga pambatasan at pangpatakaran pangangailangan

Ang lahat ng mga pambatasan at pangpatakaran pangangailangan ay dapat sundin ng mga kawani, kawani, kasosyo ng negosyo at mga tagapagtustos na kasangkot sa pagkokontrata o pagkukuha ng negosyo sa mga serbisyo o mga kagamitan, o ibang mga pangnegosyong ugnayan.

Aplikasyon sa pagpapatayo ng gusali

Sa pormal na tungkulin ng Konseho sa pagtasa ng isang aplikasyon sa pagpapatayo, dapat nitong isaalang-alang ang mga bagay na iniuutos ng batas sa isang paraan na bukas, kitang-kita at nakikitang makatarungan sa lahat ng mga partidong kasangkot.

Titiyakin ng mga kawani at kinatawan na walang pagkilos, pahayag o pahatid sa mga aplikante, mga nagbibigay ng mungkahi o mga tumututol na nagpapahayag ng anumang kinikilingan sa pagbigay ng mga konsesyon o pagkakagusto.

Ang mga kawani at kinatawan ay hindi inaasahan na mag-alay ng tulong o iba pa sa sinumang partidong nauugnay sa proseso ng aplikasyon sa pagpapatayo ng gusali. Ang mga kawani ay propesyonal at tratuhin nila ang lahat ng aspeto sa proseso ng aplikasyon sa pagpapatayo sa tama at propesyonal na paraan.

Mga mapagkukunan ng Konseho

Ang mga mapagkukunan ng Konseho ay magagamit lamang sa mga kaukulang paraan ng Konseho at sa kapakanan ng publiko. Ang mga kawani, kinatawan at mga kliyenteng nakikipagnegosyo sa Konseho ay inaasahang mapamaraan, matipid

at wasto sa kanilang paggamit at pamamahala ng mga mapagkukunan ng Konseho, kasama na ang oras ng mga kawani.

Pangalawa o panghinaharap na trabaho ng kawani

Ang mga kawani ay hindi mapapayagang kumuha ng pangalawang trabaho kung ang nasabing trabaho ay posibleng lumikha ng totoo o nadadamang mga pagkakasalungat na interes sa pagitan ng pampublikong tungkulin at ang mga pribadong interes ng kawani.

Tungkulin ng mga kawani na mapanatili ang pagtitiwala ng publiko at hindi gumamit ng sensitibo na pangnegosyong impormasyon upang makakuha ng panghinaharap na trabaho sa pribadong sektor.

Pagsusumbong sa hindi wastong gawi (Whistleblower's policy)

Ang Konseho ay may pangakong itaguyod ang wastong gawi. Ang mga sumbong tungkol sa mga hindi wastong gawi, pandaraya, katiwalian, masamang pangangasiwa o pag-aaksaya ay pwedeng ibigay sa Punong Tagapagpaganap sa 9806 5055 o Pampublikong Opisyal ng Konseho sa 9806 5474.

Ang mga pampublikong opisyal na nagsusumbong ng katiwalian, masamang pangangasiwa o pag-aaksaya ay maaaring protektahan ng Protected Disclosures Act 1994. Ang Batas ay nagtatanggol sa mga pampublikong opisyal na nagbubunyag ng katiwalian mula sa pagkakaganti o nakasasamang gawa at tinitiyak na ang mga pagbubunyag ay iimbestigahan ng wasto.

Kanino pwedeng makipag-ugnayan

Ang *Guidance Notes* ay naglalaman ng ilang sumusuportang patakaran. Kung kayo ay mayroong anumang mga tanong tungkol sa Pahayag ng Etika sa Negosyo o mga patakaran tungkol nito, kasama na kung paano nakakaapekto ito sa inyo, makipag-ugnayan sa Pampublikong Opisyal ng Konseho sa 9806 5474 o ang Punong Tagapagpaganap sa 9806 5055.